TOMO 1
ISYU 3
HULYO-SETYEMBRE
2026

P-ISSN: 3116-4463
E-ISSN: 3116-4471

# PDPF

## Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino

*Isang Pandaigdigang Larangan para sa Filipino, Kultura, at Pagkakakilanlan*

**WIKA**
Tagapag-ugnay ng diwa at pag-iisip

**KULTURA**
Yaman ng ating lahi at pagkakakilanlan

**PAGKAKAKILANLAN**
Pagmamalaki sa ating pagka-Pilipino

**PAGMAMAHAL SA BAYAN**
Tungkulin sa kasalukuyan, pag-asa sa bukas

**KATATAGAN**
Lakás ng loob, tapang sa hamon ng panahon

INILATHALA NG
ETCOR
EDUCATIONAL RESEARCH CENTER

PANDAIGDIGANG PERSPEKTIBA | DE-KALIDAD NA PANANALIKSIK | RESPONSABLENG PAGLATHALA | PAGHUSAY SA EDUKASYON

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

# Pagtuklas sa Parokya ng Immaculada Conception: Pagmamapa ng gawang pamana sa Calabanga, Camarines Sur

Christian C. Vega, EdD
Central Bicol State University of Agriculture- Calabanga, Camarines Sur 4405
Corresponding Author email: *christian.vega@cbsua.edu.ph*

**Received**: 16 April 2026 **Revised**: 21 July 2026; 23 July 2026; 24 July 2026; 25 July 2026; 26 July 2026

**Accepted**: 26 July 2026 **Available Online**: 27 July 2026

**Volume 1 (2026), Issue 3, P-ISSN – 3116-4463; E-ISSN - 3116-4471**

**https://doi.org/10.63498/pdpf8**

***Abstrak***
**Layunin:** Nilayon ng pag-aaral na tuklasin at sariwain ang Parokya ng Immaculada Conception sa Quipayo, Calabanga, Camarines Sur bilang isang mahalagang pamanang kultural sa Rehiyong Bicol. Sinuri nito ang kasaysayan, arkitektura, pag-unlad, at kahalagahan ng Parokya ng Immaculada Conception sa lokal na komunidad, gayundin ang mga kaugnay na kuwento, artipakto, flora, at fauna bilang batayan sa pagpapahalaga, dokumentasyon, konserbasyon, at pagpapaunlad ng turismo.
**Metodolohiya:** Gumamit ang pananaliksik ng kwalitatibong deskriptibong disenyo. Sampung (10) kalahok mula sa iba't ibang sektor ng komunidad ang pinili sa pamamagitan ng purposive sampling at isinailalim sa semi-structured interview. Sinuri ang mga nakalap na datos gamit ang thematic analysis upang matukoy ang mahahalagang tema kaugnay ng kasaysayan, arkitektura, kahalagahang kultural, at mga hamon sa pangangalaga ng Parokya ng Immaculada Conception bilang isang mahalagang pamanang Pilipino.
**Resulta:** Ipinakita ng pag-aaral na ang Parokya ng Immaculada Conception ay isang mahalagang pamanang kultural na sumasalamin sa mayamang kasaysayan at pagkakakilanlan ng pamayanang Calabanga. Ang natatanging arkitekturang kolonyal, mga artipakto, at mga kaugnay na salaysay ng Parokya ng Immaculada Conception ay nagsisilbing patunay ng patuloy na ugnayan ng pananampalataya, kultura, at kasaysayan ng komunidad. Natukoy rin na ang Parokya ng Immaculada Conception ay may malaking ambag sa aspetong historikal, panlipunan, espiritwal, at estetiko, gayundin sa potensiyal na pagpapaunlad ng turismo at lokal na ekonomiya. Gayunpaman, nananatili ang mga hamon tulad ng pangangailangan sa mas sistematikong konserbasyon, dokumentasyon, at pakikilahok ng iba't ibang sektor sa pangangalaga ng Parokya ng Immaculada Conception**.**
**Konklusyon:** Ipinakita ng pag-aaral na ang Parokya ng Immaculada Conception ay hindi lamang isang estrukturang panrelihiyon kundi isang mahalagang sagisag ng kulturang Pilipino at lokal na kasaysayan. Nagbibigay ito ng ambag sa dokumentasyon at pagpapahalaga sa pamanang kultural gamit ang wikang Filipino bilang daluyan ng pag-unawa at pagpapalaganap ng kaalamang pangkultura. Inirerekomenda ang patuloy na pagtutulungan ng simbahan, pamahalaang lokal, mga institusyong pangkultura, at komunidad upang mapangalagaan at maisulong ang napapanatiling konserbasyon at turismo ng Parokya ng Immaculada Conception**.**
***Mga Susing Salita:*** *Parokya ng Immaculada Conception; pamanang kultural; kasaysayan; arkitektura; turismo*

## INTRODUKSYON

Sa pandaigdigang antas, kinikilala ang pamanang kultural (cultural heritage) bilang mahalagang salik sa pagpapanatili ng kolektibong identidad, kasaysayan, at kabihasnan ng bawat bansa. Patuloy na binibigyang-diin ng mga pandaigdigang organisasyon ang pangangailangan ng pangangalaga sa tangible at intangible cultural heritage sa harap ng mga hamon ng globalisasyon, climate change, mabilis na urbanisasyon, at pagkawala ng mga tradisyong pangkultura. Kaugnay nito, lumalawak ang paggamit ng cultural mapping, digital heritage documentation,



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

community-based heritage conservation, at sustainable heritage management bilang mga estratehiya upang matiyak ang pangmatagalang konserbasyon ng mga pamanang kultural habang pinananatili ang aktibong partisipasyon ng mga lokal na pamayanan. Kasabay nito, kinikilala rin ang sustainable cultural tourism bilang mahalagang mekanismo sa pagpapahalaga sa mga makasaysayang pook nang hindi isinasakripisyo ang kanilang historikal, espiritwal, at kultural na integridad.

Sa Pilipinas, ang mga makasaysayang simbahan ay kabilang sa mahahalagang pamana ng bansa na nagsisilbing sentro ng pananampalataya, kasaysayan, sining, at paghubog ng pambansang identidad. Higit pa sa kanilang relihiyosong tungkulin, nagsilbi rin ang mga ito bilang saksi sa mahahalagang yugto ng kasaysayan. Kabilang dito ang Simbahan ng Barasoain sa Malolos, Bulacan na naging tagpuan ng Unang Kongreso ng Pilipinas noong 1898 at pinagmulan ng Konstitusyon ng Malolos at Unang Republika ng Pilipinas noong 1899. Ipinakikita ng mga halimbawa na ang pangangalaga sa mga makasaysayang simbahan ay hindi lamang usapin ng konserbasyon ng mga gusali kundi ng pagpapanatili ng kolektibong alaala, kultura, at identidad ng sambayanang Pilipino.

Pinagtitibay ito ng Artikulo XIV, Seksyon 14 ng Konstitusyon ng 1987 na nagsasaad na tungkulin ng Estado na itaguyod, pangalagaan, payabungin, at isulong ang pambansang pamana ng sining at kultura bilang saligan ng pagkamalikhain at pagkakakilanlan ng mga Pilipino. Higit pang pinalawak ang mandatong ito sa pamamagitan ng Republika Blg. 10066 o National Cultural Heritage Act of 2009, na nagtatadhana ng komprehensibong mga patakaran para sa dokumentasyon, konserbasyon, proteksiyon, at pamamahala ng mga pamanang kultural ng bansa. Sa kasalukuyan, higit na binibigyang-halaga ng mga pag-aaral ang partisipasyon ng pamayanan, paggamit ng makabagong teknolohiya sa digital documentation, at pagpapatupad ng napapanatiling pamamahala ng mga pamanang kultural bilang tugon sa mga kontemporaryong hamon sa konserbasyon.

Sa kontekstong rehiyonal, ang Parokya ng Immaculada Conception sa Quipayo, Calabanga, Camarines Sur ay kabilang sa mga pinakamatandang simbahan sa Rehiyong Bikol. Itinatag ito noong 1578 ng mga misyonerong Pransiskano na sina Padre Pablo de Jesus at Padre Bartolome Ruiz at nagsilbing pangunahing sentro ng ebanghelisasyon sa mga karatig-lugar tulad ng Libmanan, Siruma, at Bombon. Ang unang estruktura nito ay yari sa kahoy at nipa, na kalaunan ay pinalitan noong 1616 ng mas matibay na simbahang yari sa ladrilyo sa ilalim ng pangangasiwa ni Padre Francisco Gaviria. Patunay sa mahalagang papel nito sa kasaysayan, pananampalataya, at kultura ng Bikol.

Bagama't may mga naunang pag-aaral tungkol sa mga heritage church sa Pilipinas, higit na nakatuon ang mga ito sa kanilang kasaysayan, arkitektura, o konserbasyon bilang mga estrukturang pangkasaysayan. Nananatiling limitado ang mga komprehensibong pag-aaral na nagsasama-sama sa dokumentasyon ng kasaysayan, arkitektura, artipakto, flora, fauna, mga lokal na salaysay, at ang papel ng simbahan sa paghubog ng identidad ng pamayanan, pagpapanatili ng pamanang kultural, at pagsusulong ng napapanatiling turismo. Higit ding kakaunti ang mga pag-aaral na gumagamit ng wikang Filipino bilang midyum ng akademikong pagtalakay sa heritage studies, cultural mapping, at heritage conservation, kaya nananatiling may kakulangan sa pagpapayabong ng diskursong Filipino sa larangang ito.

Bilang tugon sa nasabing kakulangan, nilalayon ng pag-aaral na ito na sistematikong matukoy, maidokumento, at masuri ang mga natatanging katangian ng Parokya ng Immaculada Conception sa aspektong pangkasaysayan, pang-arkitektura, pangkultura, at panlipunan. Saklaw din nito ang pagsusuri sa mga artipakto, flora, fauna, at mga lokal na naratibong may kaugnayan sa Parokya ng Immaculada Conception upang higit na maunawaan ang papel nito bilang sentro ng relihiyoso, panlipunan, at kultural na buhay ng pamayanan ng Calabanga. Inaasahang makapagbibigay ang pag-aaral ng mga rekomendasyon sa konserbasyon ng pamanang kultural, pagpapaunlad ng sustainable cultural tourism, at pagpapalakas ng partisipasyon ng komunidad sa pangangalaga ng kanilang lokal na pamana.

Higit sa lahat, mahalaga ang pag-aaral na ito sa larangan ng Filipino sapagkat pinalalawak nito ang akademikong diskurso hinggil sa pamanang kultural gamit ang wikang Filipino bilang wika ng pananaliksik at intelektuwalisasyon. Nakatutulong ito sa paglinang ng mga terminolohiyang may kaugnayan sa heritage conservation, cultural mapping, at sustainable heritage management sa Filipino. Maaari rin itong magsilbing sanggunian sa pagtuturo ng Filipino, Araling Panlipunan, lokal na kasaysayan, heritage education, at kulturang Pilipino, gayundin bilang batayan ng mga susunod na pananaliksik tungkol sa dokumentasyon at pangangalaga ng mga pamanang kultural sa iba't ibang bahagi ng bansa. Sa ganitong paraan, hindi lamang nito pinayayaman ang lokal na kasaysayan ng Quipayo kundi nag-aambag din ito sa pagpapalawak ng kaalamang pang-akademiko sa Filipino at sa pandaigdigang diskurso hinggil sa konserbasyon ng pamanang kultural.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Rebyu ng Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

***Itinataguyod na Pamanang Gusali at Dokumentasyon ng mga Simbahan***

Malaki ang naging ambag ng mga pag-aaral hinggil sa built heritage sa pagpapalalim ng pag-unawa sa kahalagahan ng mga makasaysayang simbahan bilang mga pamanang kultural. Ayon kina Cabutihan at Torres (2025), ang mga simbahan sa Tayabas City na itinayo noong ika-17 at ika-18 siglo ay nagsisilbing mahahalagang imbakan ng kasaysayan, pananampalataya, at lokal na identidad. Sa pamamagitan ng archival research at oral history, naitala ang kanilang arkitektura, mga pangyayaring historikal, at ang mahalagang papel ng mga ito sa espiritwal, panlipunan, at pang-ekonomiyang buhay ng komunidad.

***Hindi-Nasasalat na Pamanang Kultural (Intangible Cultural Heritage)***

Ang intangible cultural heritage (ICH) ay kinikilala bilang mahalagang bahagi ng kolektibong identidad ng isang pamayanan. Natuklasan ni Pastera (2024) na limitado ang kaalaman ng maraming mag-aaral sa kolehiyo hinggil sa mga ritwal, tradisyon, panitikan, at iba pang anyo ng hindi-nasasalat na pamanang kultural. Inirekomenda ng pag-aaral ang higit na integrasyon ng heritage education sa kurikulum upang mapanatili ang kamalayang pangkultura ng kabataan.

Sa pag-aaral ni Besmonte (2022) sa Tabaco City, napatunayang mahalaga ang cultural mapping sa pagtukoy ng kalagayan ng mga lokal na tradisyon, kuwentong-bayan, ritwal, at sining. Natukoy rin ang mga banta sa pagpapatuloy ng mga ito, kabilang ang mabilis na modernisasyon at pagbaba ng partisipasyon ng kabataan sa mga gawaing pangkultura. Ipinakita ng pag-aaral na ang aktibong pakikilahok ng komunidad ay mahalaga sa pangangalaga ng intangible cultural heritage.

***Cultural Mapping bilang Estratehiya sa Dokumentasyon***

Patuloy na kinikilala ang cultural mapping bilang isa sa pinakamahalagang metodolohiya sa dokumentasyon ng tangible at intangible cultural heritage.

Ipinakita rin nina Religioso (2020) na maaaring gamitin ang cultural mapping bilang batayan sa pagbuo ng contextualized learning materials sa Araling Panlipunan, habang ipinakita ng karanasan ng Vigan City (Rabang, 2015) na ang cultural mapping ay nagsisilbing mahalagang instrumento sa heritage conservation, pagpaplano ng mga proyektong pangkultura, at pagpapalakas ng partisipasyon ng komunidad. Bagama't nananatiling mahalaga ang mga pag-aaral na ito, kinakailangan pa rin ang higit na maraming pananaliksik na gumagamit ng mga makabagong digital na pamamaraan sa cultural mapping upang umangkop sa kasalukuyang kalagayan ng heritage documentation.

***Pamanang Turismo at Pakikilahok ng Komunidad***

Malinaw sa mga kamakailang pag-aaral na may mahalagang ugnayan ang konserbasyon ng pamanang kultural at napapanatiling turismo. Ayon kina Cutib, Dulay, Domincel, at Soriano (2025), ang mga makasaysayang simbahan ay hindi lamang nagsisilbing sentro ng pananampalataya kundi mahalagang atraksiyong panturismo na nakapagpapalakas sa lokal na ekonomiya, identidad ng komunidad, at pagpapahalaga sa kultura. Gayunpaman, binigyang-diin ng kanilang pag-aaral na ang pag-unlad ng turismo ay kinakailangang nakabatay sa mga prinsipyo ng sustainable cultural tourism upang mapanatili ang orihinal na katangian at integridad ng mga pamanang lugar.

***Sintesis ng Kaugnay na Literatura at Pag-aaral***

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga kaugnay na literatura na magkakatulad ang kanilang pagbibigay-diin sa kahalagahan ng konserbasyon ng mga pamanang simbahan, cultural mapping, dokumentasyon ng tangible at intangible cultural heritage, pakikilahok ng komunidad, at pagpapaunlad ng napapanatiling turismo. Ipinakikita rin ng mga ito na mahalagang instrumento ang sistematikong dokumentasyon sa pagpapanatili ng lokal na identidad at pagpapahalaga sa kasaysayan.

Gayunpaman, nagkakaiba ang mga pag-aaral batay sa kanilang pokus at metodolohiya. Ang ilan ay nakatuon lamang sa arkitektura at konserbasyon ng mga estruktura, samantalang ang iba naman ay nakasentro sa intangible cultural heritage, turismo, o cultural mapping. Karamihan din sa mga naunang pag-aaral ay nagsusuri lamang ng iisang dimensiyon ng pamanang kultural at hindi nagsasama-sama ng kasaysayan, arkitektura, artipakto, flora, fauna, lokal na salaysay, at papel ng simbahan sa paghubog ng identidad ng komunidad.

Sa kabila ng lumalawak na literatura, nananatiling may kakulangan sa mga komprehensibong pag-aaral hinggil sa Parroquia de la Immaculada Concepcion sa Quipayo, Calabanga, Camarines Sur. Wala pang malawak na dokumentasyong nagsasama ng mga aspektong pangkasaysayan, pang-arkitektura, pangkultura, pangkapaligiran, at panlipunan sa iisang pag-aaral. Higit pa rito, kakaunti rin ang mga pananaliksik na gumagamit ng wikang Filipino


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

bilang pangunahing midyum sa akademikong pagtalakay ng heritage studies at cultural mapping. Dahil dito, isinagawa ang kasalukuyang pananaliksik upang punan ang nasabing kakulangan sa literatura sa pamamagitan ng komprehensibong dokumentasyon ng Parroquia de la Immaculada Concepcion at ng pagpapalawak ng diskursong Filipino sa larangan ng pamanang kultural, cultural mapping, at heritage conservation.

**Teoretikal na Balangkas**

Ang kasalukuyang pag-aaral ay nakaangkla sa apat na magkakaugnay na teorya na nagsisilbing batayan sa pagsusuri ng kasaysayan, arkitektura, kahalagahang panlipunan, at potensiyal ng Parroquia de la Immaculada Concepcion bilang isang pamanang kultural. Kabilang dito ang Cultural Heritage Theory**,** Social Construction of Heritage**,** Sense of Place Theory**,** at Sustainable Tourism Development. Ang integrasyon ng mga teoryang ito ay nagbibigay ng komprehensibong pananaw sa dokumentasyon, interpretasyon, konserbasyon, at napapanatiling pamamahala ng pamanang kultural.

Ang pangunahing saligan ng pag-aaral ay ang Cultural Heritage Theory, na nagsasaad na ang mga pamanang kultural—maging tangible o intangible—ay nagtataglay ng mahalagang halagang historikal, panlipunan, estetiko, at pangkultura na nararapat mapangalagaan at maipasa sa mga susunod na salinlahi. Binibigyang-diin ng teoryang ito na ang mga makasaysayang estruktura, tulad ng mga simbahan, ay hindi lamang mga gusaling pisikal kundi mga tagapag-ingat ng kolektibong alaala at pagkakakilanlan ng isang pamayanan. Sa pag-aaral na ito, nagsilbi ang teoryang ito bilang batayan sa pagsusuri ng kasaysayan, arkitektura, mga artipakto, at iba pang tangible cultural heritage ng Parroquia de la Immaculada Concepcion upang matukoy ang kahalagahang historikal at kultural nito sa Calabanga, Camarines Sur.

Kaakibat nito ang Social Construction of Heritage Theory ni Laurajane Smith (2006), na nagpapaliwanag na ang kahalagahan ng isang pamanang kultural ay hindi lamang nagmumula sa pisikal nitong katangian kundi sa mga kahulugan, alaala, pagpapahalaga, at karanasang iniuugnay rito ng komunidad. Ayon kay Smith, ang pamana ay isang prosesong panlipunan na patuloy na binibigyang-kahulugan ng mga taong may ugnayan dito. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang teoryang ito upang suriin ang mga lokal na salaysay, tradisyon, paniniwala, ritwal, at iba pang hindi-nasasalat na pamanang kultural na nagpapatibay sa papel ng parokya bilang mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng pamayanan. Nagsilbi rin itong batayan sa pagsusuri ng mga pananaw at karanasan ng mga kalahok hinggil sa kahalagahan ng simbahan bilang buhay na pamanang kultural.

Inangkla rin ang pag-aaral sa Sense of Place Theory nina Yi-Fu Tuan (1977) at Edward Relph (1976), na nagbibigay-diin sa emosyonal, panlipunan, at kultural na ugnayan ng tao sa isang lugar. Ipinapaliwanag ng teoryang ito na ang isang espasyo ay nagiging makabuluhan sa pamamagitan ng mga karanasan, alaala, at pagpapahalagang nabubuo sa paglipas ng panahon. Sa kasalukuyang pag-aaral, nagsilbi ang teoryang ito bilang gabay sa pagsusuri kung paano naging sentro ng pananampalataya, pagkakaisa, at lokal na identidad ang Parroquia de la Immaculada Concepcion. Makatutulong din ito sa pagbibigay-kahulugan sa mga temang may kaugnayan sa pagmamay-ari ng komunidad, pagpapahalaga sa lokal na kasaysayan, at pagpapatuloy ng mga tradisyong kaugnay ng simbahan.

Binigyang-suporta rin ang pag-aaral ng Sustainable Tourism Development Theory**,** na nagsusulong ng balanseng ugnayan sa pagitan ng konserbasyon ng pamanang kultural, pag-unlad ng turismo, pangangalaga sa kapaligiran, at aktibong pakikilahok ng lokal na komunidad. Binibigyang-diin ng pananaw na ito na ang pagpapaunlad ng turismo ay nararapat isagawa nang hindi isinasakripisyo ang autentisidad at integridad ng mga pamanang kultural. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang teoryang ito sa pagsusuri ng mga oportunidad at hamon sa pagpapaunlad ng Parroquia de la Immaculada Concepcion bilang destinasyong pangkultura at panrelihiyong turismo, gayundin sa pagbuo ng mga mungkahing maaaring makatulong sa napapanatiling konserbasyon at pamamahala ng pamanang lugar.

Sa kabuuan, nagsilbing magkakaugnay na batayan ang apat na teoryang ito sa pagsusuri at interpretasyon ng mga datos. Ang Cultural Heritage Theory ang naging gabay sa pagsusuri ng kasaysayan, arkitektura, artipakto, flora, fauna, at iba pang tangible heritage ng parokya. Ang Social Construction of Heritage Theory naman ang naging batayan sa pagsusuri ng mga lokal na salaysay, paniniwala, tradisyon, at pagpapahalaga ng komunidad bilang bahagi ng intangible cultural heritage. Samantala, ang Sense of Place Theory ang nagsilbing lente sa pag-unawa sa ugnayan ng simbahan at ng lokal na identidad, kolektibong alaala, at pagkakaisa ng pamayanan. Sa kabilang banda, ang Sustainable Tourism Development Theory ang naging batayan sa pagsusuri ng mga usaping may kaugnayan sa konserbasyon, pamamahala, pakikilahok ng komunidad, at pagpapaunlad ng napapanatiling turismo. Sa pamamagitan ng malinaw na paglalapat ng bawat teorya sa mga pangunahing tema ng pag-aaral, naging mas sistematiko at matibay ang pagsusuri at interpretasyon ng mga natuklasan.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Konseptuwal na Balangkas**

Ang pag-aaral na ito ay ginabayan ng isang Input–Process–Output (IPO) Model upang maipakita ang lohikal na ugnayan ng mga sangkap ng pananaliksik. Inilalarawan ng balangkas ang mga pangunahing elementong sinuri, ang prosesong isinagawa sa pangangalap at pagsusuri ng datos, at ang inaasahang kinalabasan ng pag-aaral.

Bilang input ng pag-aaral ay binubuo ng kasaysayan ng Parroquia de la Immaculada Concepcion, ang arkitektura at pisikal na katangian ng simbahan, mga artipakto at iba pang tangible cultural heritage, mga lokal na salaysay, tradisyon, at ritwal bilang bahagi ng intangible cultural heritage, gayundin ang flora at fauna na kaugnay ng parokya. Kabilang din dito ang mga kaugnay na dokumento, archival records, literatura, at mga pananaw at karanasan ng mga pangunahing impormante na nagsilbing mahalagang batayan sa pagbuo ng kabuuang pag-aaral.

Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng dokumentaryong pagsusuri, panayam, at obserbasyon, kasabay ng cultural mapping upang matukoy at maitala ang mga elementong may kinalaman sa pamanang kultural ng parokya. Ang mga nakalap na datos ay sistematikong dinokumento bilang tangible at intangible cultural heritage at pagkatapos ay sinuri at binigyang-kahulugan batay sa Cultural Heritage Theory, Social Construction of Heritage Theory, Sense of Place Theory, at Sustainable Tourism Development Theory upang higit na maunawaan ang kahalagahan ng mga ito sa konteksto ng pag-aaral.

Inaasahang magiging bunga ng pag-aaral ang isang komprehensibong dokumentasyon ng Parroquia de la Immaculada Concepcion na magpapakita ng kasaysayan, arkitektura, artipakto, flora, fauna, at pamanang di-nasasalat ng lugar. Sa pamamagitan nito, maipapakita ang kahalagahang historikal, kultural, panlipunan, at espiritwal ng parokya, at makapagbibigay ng mga mungkahe para sa konserbasyon at sustainable cultural tourism. Higit sa lahat, inaasahang makapag-aambag ito sa pagpapalawak ng diskursong Filipino sa larangan ng cultural heritage, cultural mapping, at heritage conservation.

**Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral (Input–Process–Output Model)**

Ipinakikita sa Pigura 1 ang konseptuwal na balangkas ng pag-aaral na nakabatay sa Input–Process–Output (IPO) Model. Ang modelong ito ay nagsisilbing gabay sa pagpapakita ng lohikal at sistematikong daloy ng pananaliksik, mula sa pagtukoy at pangangalap ng mahahalagang datos, sa pagsusuri at interpretasyon ng mga ito, hanggang sa pagbuo ng inaasahang bunga ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng IPO Model, malinaw na naipapakita ang ugnayan ng mga salik na sinusuri upang maunawaan ang kabuuang halaga ng Parokya ng Immaculada Conception bilang isang mahalagang pamanang kultural.

Ang Input ay binubuo ng mahahalagang impormasyon at datos na nagsisilbing pundasyon ng pagsusuri. Kabilang dito ang (1) kasaysayan, arkitektura, at proseso ng pag-unlad ng Parokya ng Immaculada Conception bilang isang gawang pamana na sumasalamin sa pagbabago at pagpapatuloy ng tradisyong pangkultura ng pamayanan; (2) mga kuwento, artipakto, at iba pang elementong materyal at di-materyal na may kaugnayan sa simbahan, kabilang ang mga likas na yaman tulad ng flora at fauna na bahagi ng pisikal at kultural na kapaligiran nito; at (3) mga hamon at oportunidad na may kaugnayan sa pangangalaga, konserbasyon, turismo, at pagpapaunlad na pang-ekonomiya ng nasabing pamanang kultural. Ang mga elementong ito ang nagsisilbing batayan upang higit na maunawaan ang historikal, panlipunan, espiritwal, at kultural na kahalagahan ng Parokya ng Immaculada Conception.

Ang Process ay tumutukoy sa mga hakbang at pamamaraan ng sistematikong pagsusuri, pag-uugnay, at interpretasyon ng mga nakalap na datos. Sa bahaging ito, ginagamit ang cultural mapping at iba pang angkop na pamamaraang pananaliksik upang matukoy, mailarawan, at maidokumento ang iba't ibang katangian ng pamanang sinusuri. Sinusuri rito ang ugnayan ng mga makasaysayan, arkitektural, panlipunan, at kultural na aspekto ng Parokya ng Immaculada Conception upang maipaliwanag ang papel nito sa pagpapanatili ng lokal na identidad, kolektibong alaala, at pagpapatuloy ng mga tradisyong pangkultura ng komunidad.

Samantala, ang Output ay tumutukoy sa inaasahang produkto o ambag ng pag-aaral, na siyang komprehensibong pagmamapa at dokumentasyon ng Parokya ng Immaculada Conception bilang isang built heritage ng Calabanga, Camarines Sur. Ang nabuong dokumentasyon ay inaasahang magsisilbing mahalagang sanggunian para sa mga mananaliksik, lokal na pamahalaan, mga institusyong pangkultura, at iba pang stakeholder sa pagbuo ng mga programang nakatuon sa pangangalaga at konserbasyon ng pamanang kultural. Bukod dito, maaari rin itong magsilbing batayan sa pagpapalakas ng edukasyong pangkultura, pagpapaunlad ng lokal na turismo, at pagbuo ng mga estratehiya tungo sa napapanatiling pamamahala ng pamanang kultural.


Sa kabuuan, ipinakikita ng IPO Model na ang masusing pagsusuri sa mga pangunahing baryabol ng pag-aaral (Input), sa pamamagitan ng isang organisado at metodolohikal na proseso (Process), ay nagbubunga ng isang mapananaligang dokumentasyon at cultural mapping (Output). Ang prosesong ito ay nagbibigay-daan upang higit na



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

maunawaan, mapahalagahan, at mapangalagaan ang Parokya ng Immaculada Conception bilang isang mahalagang gawang pamana ng kultura na nag-uugnay sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap ng pamayanang Calabanga.




**Pigura 1.** Balangkas konseptwal ng pag-aaral

**Paglalahad ng Suliranin**

Sa kabila ng kinikilalang kahalagahan ng Parroquia ng Immaculada Concepcion sa kasaysayan, pananampalataya, at paghubog ng pagkakakilanlang kultural ng Calabanga, Camarines Sur, nananatiling limitado ang sistematikong dokumentasyon at komprehensibong pag-aaral hinggil sa mga gawang pamana, katangiang pangkasaysayan, arkitektural, at kultural na taglay nito. Bagama't kinikilala ang simbahan bilang mahalagang bahagi ng lokal na pamayanan, kakaunti pa rin ang mga akademikong pananaliksik na nagsasagawa ng masusing


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

pagmamapa sa mga materyal na pamana (*tangible cultural heritage*) at sa ugnayan ng mga ito sa kasaysayan, tradisyon, at kolektibong alaala ng mga mamamayan.

Kasabay nito, nahaharap ang maraming pamanang estruktura sa iba't ibang hamon tulad ng pagtanda ng mga gusali, kakulangan sa masusing dokumentasyon, limitadong programang pangangalaga at konserbasyon, epekto ng mga kalamidad at pagbabago ng klima, at hindi sapat na integrasyon ng pamanang kultural sa lokal na pagpaplanong pangkaunlaran at napapanatiling turismo. Dahil dito, may panganib na unti-unting mawala o mabawasan ang pagpapahalaga sa mahahalagang katangian at kasaysayang taglay ng Parroquia ng Immaculada Concepcion kung hindi ito maitatala at mapangangalagaan nang sistematiko.

Sa larangan ng akademya, nananatili rin ang kakulangan ng mga pag-aaral na gumagamit ng *cultural mapping* bilang metodolohikal na lapit upang matukoy, mailarawan, at maidokumento ang mga gawang pamana ng Parroquia ng Immaculada Concepcion. Ang kakulangang ito ay naglilimita sa pagbuo ng komprehensibong batayan para sa pagbalangkas ng mga programang pangangalaga, konserbasyon, edukasyon, at promosyon ng lokal na pamanang kultural.

Bunga nito, mahalagang maisagawa ang pag-aaral na ito upang mapunan ang umiiral na pangangailangan sa pamamagitan ng masusing pagmamapa at dokumentasyon ng mga gawang pamana ng Parroquia ng Immaculada Concepcion sa Calabanga, Camarines Sur. Inaasahang makapagbibigay ito ng mapananaligang sanggunian para sa mga mananaliksik, lokal na pamahalaan, tagapangalaga ng pamanang kultural, at iba pang stakeholder sa pagbuo ng mga estratehiya para sa konserbasyon, pagpapalaganap ng kaalaman, at napapanatiling pangangalaga ng mahalagang pamanang kultural ng pamayanan.

**Layunin ng Pananaliksik**

**Pangkalahatang Layunin**

Layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin, idokumento, at imapa ang Parroquia ng Immaculada Concepcion sa Quipayo, Calabanga, Camarines Sur bilang isang gawang pamana sa pamamagitan ng pagsusuri sa kasaysayan, arkitektura, kahalagahang kultural, at ambag nito sa lokal na komunidad.

**Tiyak na mga Layunin**

Nilalayon ng pag-aaral na:

1. Matukoy ang mga katangian ng Parroquia de la Immaculada Concepcion batay sa:
   a. kasaysayan
   b. arkitektura
2. Mailarawan ang pag-unlad ng Parroquia de la Immaculada Concepcion sa paglipas ng panahon.
3. Masuri ang kahalagahan ng Parroquia de la Immaculada Concepcion sa lokal na komunidad batay sa:
   a. historikal na aspeto;
   b. panlipunang aspeto;
   c. pampolitikang aspeto;
   d. pang-ekonomiyang aspeto;
   e. espiritwal na aspeto;
   f. siyentipikong aspeto; at
   g. aspektong estetiko.
4. Matukoy ang mga kaugnay na kuwento, artipakto, flora, at fauna na may kaugnayan sa Parroquia de la Immaculada Concepcion bilang isang gawang pamana.
5. Mataya ang mga hamon at oportunidad para sa konserbasyon, pagpapaunlad ng turismo, at pang-ekonomiyang kaunlaran na may kaugnayan sa parokya at mga artipakto nito.

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

Upang maisakatuparan ang layunin ng pag-aaral, hinangad nitong sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano-ano ang mga katangian ng Parroquia de la Immaculada Concepcion batay sa:
   a. kasaysayan; at
   b. arkitektura?
2. Ano-ano ang mga yugto ng pag-unlad at pagbabagong pinagdaanan ng Parroquia de la Immaculada Concepcion mula sa pagkakatatag nito hanggang sa kasalukuyan?
3. Ano ang kahalagahan ng Parroquia de la Immaculada Concepcion sa lokal na komunidad batay sa:



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

a. historikal na aspeto;
b. panlipunang aspeto;
c. pampolitikang aspeto;
d. pang-ekonomiyang aspeto;
e. espiritwal na aspeto;
f. siyentipikong aspeto; at
g. aspektong estetiko?

4. Ano-ano ang mga kaugnay na kuwento, artipakto, flora, at fauna na nagpapakita ng kahalagahan ng Parroquia de la Immaculada Concepcion bilang isang gawang pamana?
5. Ano-ano ang mga hamon at oportunidad na kinakaharap ng Parroquia de la Immaculada Concepcion tungo sa konserbasyon ng pamanang kultural, pagpapaunlad ng turismo, at pang-ekonomiyang kaunlaran ng komunidad?

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibo-deskriptibong disenyo ng pananaliksik upang sistematikong matuklasan, maidokumento, at mailarawan ang Parroquia de la Immaculada Concepcion bilang isang gawang pamana sa Calabanga, Camarines Sur. Ang ganitong disenyo ay angkop sapagkat ang pag-aaral ay nakatuon sa pag-unawa sa kasaysayan, arkitektura, kahalagahang kultural, mga lokal na salaysay, at karanasan ng komunidad na hindi maaaring ganap na masukat sa pamamagitan lamang ng estadistikal na pamamaraan.

Sa pamamagitan ng kwalitatibong dulog, nasuri ang malalalim na kahulugan, pananaw, at karanasan ng mga kalahok hinggil sa papel ng parokya bilang isang buhay na pamanang kultural. Samantala, ginamit ang deskriptibong pamamaraan upang mailahad ang mga katangian, pagbabago, at kalagayan ng parokya batay sa mga nakalap na dokumento, panayam, obserbasyon, at iba pang sangguniang may kaugnayan sa pag-aaral.

Mga Kalahok ng Pananaliksik

Ang mga kalahok ng pag-aaral ay binubuo ng sampung (10) piling indibidwal na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling batay sa kanilang kaalaman, karanasan, at aktuwal na ugnayan sa Parroquia de la Immaculada Concepcion at sa lokal na pamanang kultural ng Calabanga, Camarines Sur (Creswell & Poth, 2018). Pinili ang mga kalahok upang matiyak ang pagkalap ng mayaman at mapananaligang impormasyon hinggil sa kasaysayan, kultura, tradisyon, at patuloy na kahalagahan ng parokya bilang isang pamanang kultural.

**Talahanayan 1**
*Distribusyon ng mga Kalahok sa Pananaliksik*

| Uri ng Kalahok | Bilang |
|---|---|
| Opisyal o tagapangalaga ng simbahan | 3 |
| Lokal na historyador o cultural worker | 2 |
| Kinatawan ng lokal na pamahalaan | 1 |
| Mga nakatatandang residente ng komunidad | 4 |
| Kabuuan | 10 |

Tala. Ang mga kalahok ay pinili gamit ang *purposive sampling* batay sa kanilang kaalaman, karanasan, at pakikilahok sa kasaysayan, konserbasyon, at pamanang kultural ng Parroquia de la Immaculada Concepcion sa Calabanga, Camarines Sur.

### Instrumento ng Pananaliksik

Gumamit ang mananaliksik ng semi-structured interview guide at Focus Group Discussion (FGD) guide bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng kwalitatibong datos. Ang mga gabay na tanong ay sariling binuo batay sa mga layunin ng pag-aaral, kaugnay na literatura, at mga pangunahing konsepto ng cultural heritage, cultural mapping, at heritage conservation.

Bago gamitin sa aktuwal na pangangalap ng datos, ang mga instrumento ay sumailalim sa pagsusuri ng mga eksperto sa pananaliksik, lokal na kasaysayan, at kulturang Pilipino upang matiyak ang kalinawan, kaugnayan, at angkop na nilalaman ng mga tanong. Ang mga mungkahing pagbabago mula sa mga tagasuri ay isinama upang mapahusay ang bisa ng instrumento.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

Bukod sa panayam at FGD, ginamit din ang mga dokumentong pangkasaysayan, archival records, litrato, bidyo, at iba pang materyales bilang pantulong na sanggunian sa dokumentasyon ng pamanang kultural ng parokya.

**Pangangalap ng Datos**

Isinagawa ang pangangalap ng datos sa Parroquia de la Immaculada Concepcion sa Quipayo, Calabanga, Camarines Sur sa pamamagitan ng sumusunod na mga hakbang:

Una, humingi ang mananaliksik ng kinakailangang pahintulot mula sa kinauukulang opisyal ng simbahan at iba pang institusyong may kaugnayan sa lugar upang maisagawa ang dokumentasyon at pangangalap ng impormasyon.

Ikalawa, isinagawa ang pagsusuri ng mga kaugnay na dokumento tulad ng mga tala ng simbahan, kasaysayang bayan, archival records, at iba pang materyales na may kaugnayan sa pagtatatag, pagbabago, at pagpapanatili ng parokya.

Ikatlo, isinagawa ang panayam at Focus Group Discussion sa sampung (10) kalahok gamit ang semi-structured interview guide. Ang bawat panayam at talakayan ay itinala sa pamamagitan ng audio recording (batay sa pahintulot ng kalahok), kasabay ng pagtatala ng mahahalagang obserbasyon ng mananaliksik.

Ikaapat, isinagawa ang obserbasyon at dokumentasyon ng pisikal na katangian ng simbahan, kabilang ang arkitektura, mga artipakto, kapaligiran, flora, at fauna na may kaugnayan sa pamanang kultural ng parokya.

Sa huli, isinagawa ang triangulation sa pamamagitan ng paghahambing ng tatlong pangunahing pinagmumulan ng datos: (1) dokumentaryong tala, (2) panayam at FGD, at (3) biswal at multimedyang dokumentasyon tulad ng litrato at bidyo upang matiyak ang katumpakan at pagiging mapagkakatiwalaan ng mga resulta (Patton, 2015).

**Pagsusuri ng Datos**

Ginamit sa pagsusuri ng datos ang Thematic Analysis upang matukoy, maiayos, at mabigyang-kahulugan ang mga pangunahing tema mula sa nakalap na impormasyon. Sinunod ang mga sumusunod na hakbang:

Una, isinagawa ang paulit-ulit na pagbasa sa mga transkripsyon ng panayam at FGD upang magkaroon ng malalim na pag-unawa sa kabuuang datos.

Ikalawa, isinagawa ang coding sa mga mahahalagang pahayag at impormasyon na may kaugnayan sa mga layunin ng pag-aaral.

Ikatlo, pinagsama-sama ang magkakatulad na code upang makabuo ng mga kategorya at pangunahing tema.

Ikaapat, sinuri at binigyang-kahulugan ang mga nabuong tema batay sa mga teoretikal na lente ng Cultural Heritage Theory, Social Construction of Heritage Theory, Sense of Place Theory, at Sustainable Tourism Development Theory.

Ikalima, isinagawa ang triangulation upang ihambing ang mga resulta mula sa iba't ibang pinagmumulan ng datos at mapagtibay ang interpretasyon ng mga natuklasan.

Ginamit din ang verbatim transcription upang mapanatili ang orihinal na kahulugan ng mga pahayag ng kalahok at matiyak ang pagiging makatotohanan ng presentasyon ng datos.

**Pagsasaalang-alang ng Batayang Etika**

Isinaalang-alang sa pag-aaral ang mga pamantayang etikal upang mapangalagaan ang karapatan, kapakanan, at dignidad ng mga kalahok. Bago isinagawa ang panayam at Focus Group Discussion, ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin, proseso, at kahalagahan ng pananaliksik. Humingi rin ang mananaliksik ng kanilang kusang-loob at may sapat na kaalamang at pahintulot bago ang pangangalap ng datos.

Tiniyak ang pagiging kompidensiyal ng mga impormasyong nakalap at pinangalagaan ang pagkakakilanlan ng mga kalahok sa pamamagitan ng wastong pag-iimbak ng mga tala, transkripsyon, at iba pang dokumento. Isinaalang-alang din ang paggalang sa mga lokal na paniniwala, tradisyon, at pananaw ng komunidad hinggil sa Parroquia de la Immaculada Concepcion bilang isang mahalagang pamanang kultural.

Bilang bahagi ng integridad ng pananaliksik, tiniyak din ang wastong pagkilala at pagsipi sa lahat ng ginamit na sanggunian at datos. Ang mga kinakailangang pahintulot mula sa simbahan, lokal na pamahalaan, at institusyong kinabibilangan ng mananaliksik ay isinagawa upang matiyak ang legal at etikal na pagsasagawa ng pag-aaral.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**MGA RESULTA AT TALAKAYAN**

Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga pangunahing natuklasan mula sa isinagawang panayam, Focus Group Discussion (FGD), pagsusuring dokumentaryo, at triangulasyon ng datos hinggil sa Parroquia de la Immaculada Concepcion bilang isang gawang pamana sa Calabanga, Camarines Sur. Ang mga resulta ay inayos batay sa mga pangunahing tanong ng pananaliksik: (1) katangian ng parokya batay sa kasaysayan at arkitektura; (2) pag-unlad ng parokya sa paglipas ng panahon; (3) kahalagahan nito sa lokal na komunidad; (4) mga kaugnay na kuwento, artipakto, flora, at fauna; at (5) mga hamon at oportunidad tungo sa konserbasyon at sustainable cultural tourism.

Mula sa pagsusuri ng mga datos, lumitaw ang sumusunod na pangunahing tema: (1) Parokya bilang buhay na saksi ng kasaysayan ng Kristiyanismo sa Bikol; (2) Arkitekturang simbahan bilang pisikal na representasyon ng kolektibong alaala; (3) Parokya bilang sentro ng identidad, pananampalataya, at pagkakaisa ng komunidad; (4) Mga kuwento at artipaktong nagpapatuloy sa lokal na alaala; at (5) Pangangailangan sa konserbasyon at napapanatiling pagpapahalaga sa pamanang kultural.

**Talahanayan 2**
*Mga Pangunahing Tema at Pinagmulan ng Datos*

| Pangunahing Tema | Pinagmulan ng Datos | Kaugnay na Teorya |
|---|---|---|
| 1. Parokya bilang buhay na saksi ng kasaysayan | Dokumentong pangkasaysayan, panayam, FGD | Cultural Heritage Theory |
| 2. Arkitektura bilang simbolo ng identidad | Dokumentasyon, obserbasyon, panayam | Sense of Place |
| 3. Papel ng parokya sa komunidad | FGD at panayam sa mga residente at tagapangasiwa | Social Construction of Heritage |
| 4. Kuwento at artipakto bilang kolektibong alaala | Dokumentasyon at salaysay ng kalahok | Social Construction of Heritage |
| 5. Konserbasyon at turismo | Panayam at pagsusuri sa kasalukuyang kalagayan | Sustainable Tourism Development |

Mula sa pagsusuri ng mga datos, ipinahihiwatig na ang Parroquia de la Immaculada Concepcion ay higit pa sa isang pisikal na estruktura sapagkat nagsisilbi itong buhay na tagapagdala ng kasaysayan, kultura, at kolektibong alaala ng pamayanan. Ang pagkakaugnay ng simbahan sa kasaysayan ng Kristiyanismo sa Bikol, natatanging arkitektura, at patuloy na paggamit nito sa mga gawaing panrelihiyon at panlipunan ay nagpapakita na ang halaga ng isang pamanang kultural ay nalilikha at napapanatili sa pamamagitan ng ugnayan ng tao, lugar, at mga karanasang sama-samang ibinabahagi ng komunidad. Ang mga kuwento, artipakto, at tradisyong nakapaloob dito ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng nakaraan at kasalukuyan, na nagpapatibay sa lokal na identidad at nagpapanatili ng kamalayang pangkasaysayan ng mga mamamayan. Gayunpaman, ipinakikita rin ng mga natuklasan na nahaharap ang simbahan sa iba't ibang hamon sa konserbasyon, kabilang ang kakulangan sa sistematikong dokumentasyon at patuloy na pangangalaga, na nangangailangan ng aktibong pakikilahok ng simbahan, lokal na pamahalaan, mga institusyong pangkultura, at ng mismong komunidad upang matiyak ang pangmatagalang pangangalaga sa pamanang ito.

Ang natuklasang ito ay naihahanay sa pananay ng Social Construction of Heritage Theory ni Smith na nagsasaad na ang kahalagahan ng isang pamanang kultural ay hindi lamang nakabatay sa pisikal na katangian nito kundi higit sa mga kahulugan, alaala, pagpapahalaga, at karanasang iniuugnay rito ng komunidad. Ayon kay Smith, ang pamana ay isang prosesong panlipunan na patuloy na binibigyang-kahulugan at pinananatili ng mga taong may ugnayan dito. Sa ganitong pananaw, ang Parroquia de la Immaculada Concepcion ay hindi lamang isang makasaysayang gusali kundi isang buhay na pamanang kultural na patuloy na humuhubog at pinagyayaman ng kolektibong karanasan, pananampalataya, at pakikilahok ng pamayanan.

**1. Katangian ng Parroquia de la Immaculada Concepcion Bilang Gawang Pamana**

a. Kasaysayan: Parokya Bilang Buhay na Saksi ng Lokal at Panrehiyong Kasaysayan

Batay sa pagsusuri ng mga dokumentong pangkasaysayan at salaysay ng mga kalahok sa panayam at Focus Group Discussion (FGD), lumitaw na ang Parroquia de la Immaculada Concepcion ay hindi lamang isang gusaling panrelihiyon kundi isang mahalagang saksi ng kasaysayan ng Quipayo at ng mas malawak na rehiyong Bikol. Ang pagkakatatag nito noong 1578 sa pangunguna ng mga misyonerong Pransiskano ay naging mahalagang bahagi


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
ng proseso ng pagpapalaganap ng Kristiyanismo at pagbuo ng mga pamayanang nakasentro sa pananampalataya, ugnayang panlipunan, at mga tradisyong pangkultura.

Ipinakikita ng mga natuklasan na ang pagkilala sa Quipayo bilang "Ina ng mga Parokya" ay nagpapakita ng malalim na papel nito sa paghubog ng mga pamayanang relihiyoso sa rehiyon. Ang pagkakatatag ng mga bagong parokya mula sa dating nasasakupan nito tulad ng Libmanan, Calabanga, at Bombon ay nagpapakita ng patuloy na pag-unlad ng estrukturang panlipunan at espiritwal ng komunidad. Sa ganitong pananaw, ang kasaysayan ng parokya ay hindi lamang nakapaloob sa mga opisyal na tala kundi maging sa mga alaala, salaysay, at karanasan ng mga taong patuloy na nagbibigay-kahulugan dito.

Ang mga kuwento ng mga kalahok hinggil sa mga naunang pari, tradisyong panrelihiyon, pagdiriwang ng pista, at pakikilahok ng komunidad ay nagpapakita na ang Parroquia de la Immaculada Concepcion ay isang buhay na pamanang patuloy na umiiral sa kamalayan ng mga mamamayan. Ang ganitong katangian ay umaayon sa pag-aaral nina Cabutihan at Torres (2025) na nagsasaad na ang mga heritage church ay hindi lamang mga pisikal na estruktura kundi mga imbakan ng kasaysayan, pananampalataya, at lokal na identidad. Katulad ng mga simbahan sa Tayabas City, ang Parroquia de la Immaculada Concepcion ay nagsisilbing daluyan ng kolektibong alaala at representasyon ng ugnayan ng nakaraan at kasalukuyang identidad ng komunidad.

b. Arkitektura: Pisikal na Simbolo ng Kolektibong Alaala

Batay sa dokumentasyon, obserbasyon sa estruktura, at pagsusuri sa pisikal na katangian ng simbahan, natukoy na ang Parroquia de la Immaculada Concepcion ay nagtataglay ng mahahalagang katangiang arkitektural na nagpapakita ng impluwensiyang kolonyal sa Bikol. Ang paggamit ng ladrilyo at iba pang tradisyunal na materyales sa pagtatayo nito ay nagpapakita ng mga pamamaraan ng konstruksiyon na sumasalamin sa panahon ng kolonyal na kasaysayan at sa kakayahan ng mga sinaunang pamayanan na lumikha ng matitibay na estrukturang panrelihiyon.

Gayunpaman, ang kahalagahan ng arkitektura ng parokya ay hindi lamang nakabatay sa pisikal nitong anyo, edad, o disenyo. Higit sa materyal na katangian nito, ang simbahan ay nagtataglay ng mga kahulugang panlipunan at kultural na nabuo sa pamamagitan ng patuloy na pakikipag-ugnayan ng komunidad dito. Ang mga pagdiriwang ng pista, seremonyang panrelihiyon, at iba pang gawaing pangkomunidad ay nagpapatunay na ang simbahan ay nananatiling aktibong bahagi ng pang-araw-araw na buhay at pagkakakilanlan ng mga mamamayan.

Ang arkitektura ng Parroquia de la Immaculada Concepcion ay maaari ring tingnan bilang isang pisikal na tala ng kasaysayan na nag-uugnay sa mga nakaraang henerasyon at sa kasalukuyang panahon. Ang bawat bahagi ng estruktura ay nagsisilbing paalala ng mga pangyayaring historikal, tradisyong panrelihiyon, at kolektibong karanasang bumuo sa identidad ng komunidad.

Kaugnay nito, ipinakita nina Cabutihan at Torres (2025) na ang mga heritage church sa Pilipinas ay may mahalagang papel bilang tagapangalaga ng mga kuwento, alaala, at karanasang panlipunan ng mga pamayanan. Binibigyang-diin ng kanilang pag-aaral na ang konserbasyon ng mga simbahan ay hindi lamang nakatuon sa pagpapanatili ng pisikal na estruktura kundi pati sa pangangalaga ng mga kahulugang kultural na nakapaloob dito. Sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral, ang Parroquia de la Immaculada Concepcion ay maituturing na isang gawang pamana na nagtataglay ng parehong pisikal at di-pisikal na halaga, kung saan ang arkitektura nito ay nagsisilbing konkretong patunay ng patuloy na pag-iral ng kasaysayan, pananampalataya, at identidad ng Quipayo.

**2. Pag-unlad ng Parokya Bilang Bahagi ng Pagbabagong Panlipunan**

Batay sa pagsusuri ng mga datos mula sa mga dokumentong pangkasaysayan, panayam, at Focus Group Discussion (FGD), lumitaw na ang pag-unlad ng Parroquia de la Immaculada Concepcion ay hindi lamang nakikita sa pisikal na pagbabago ng estruktura nito kundi higit sa proseso ng patuloy na pag-angkop nito sa nagbabagong pangangailangan ng komunidad. Maaaring unawain ang pag-unlad ng parokya sa dalawang magkakaugnay na dimensiyon: ang institusyonal na pagbabago at ang pagpapatuloy ng papel nito bilang sentrong panlipunan at pangkultura ng pamayanan.

Sa institusyonal na aspekto, ipinakikita ng kasaysayan ng Quipayo na ang pagkakatatag ng mga bagong parokya mula sa dating nasasakupan nito tulad ng Libmanan, Calabanga, at Bombon ay bahagi ng mas malawak na proseso ng pagbabago sa organisasyon ng Simbahang Katoliko sa rehiyon. Ang paghahati ng mga nasasakupan ay hindi nagpapahiwatig ng pagkawala ng kahalagahan ng Parroquia de la Immaculada Concepcion, bagkus ay nagpapakita ng lawak ng impluwensiya nito sa paghubog ng mga pamayanang relihiyoso. Ang ganitong pagbabago ay nagpapakita ng kakayahan ng institusyon na tumugon sa paglaki ng populasyon, paglawak ng mga pamayanan, at pagtaas ng pangangailangan para sa mas malapit na serbisyong pastoral.

Bukod sa pagiging isang institusyong panrelihiyon, ipinakita rin ng mga natuklasan na ang parokya ay nananatiling mahalagang espasyo para sa interaksiyong panlipunan at pagpapatuloy ng mga gawaing pangkultura.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board
Registration as Book Publisher
(Print & Digital): 6312

Ang mga pagdiriwang ng pista, mga seremonyang panrelihiyon, at iba pang gawaing pangkomunidad ay nagsisilbing mga pagkakataon upang mapanatili ang ugnayan ng mga mamamayan at maipasa ang mga tradisyong nabuo sa paglipas ng panahon. Sa ganitong pananaw, ang parokya ay hindi lamang isang lugar ng pagsamba kundi isang institusyong may mahalagang ambag sa pagpapatatag ng pagkakaisa, pakikipagkapwa, at lokal na identidad.

Ang patuloy na paggamit at pagbibigay-kahulugan ng komunidad sa parokya ay nagpapakita na ang isang pamanang kultural ay hindi lamang pinahahalagahan dahil sa kasaysayan nito kundi dahil sa patuloy nitong kabuluhan sa kasalukuyang panahon. Ang halaga ng Parroquia de la Immaculada Concepcion ay nakaugat hindi lamang sa pagiging isa itong makasaysayang gusali kundi sa kakayahan nitong manatiling buhay na bahagi ng karanasan ng mga mamamayan.

Ang ganitong pananaw ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Cabutihan at Torres (2025), na nagpakita na ang mga heritage church ay hindi lamang mga pisikal na estruktura kundi mga buhay na institusyong patuloy na gumaganap ng papel sa espiritwal, panlipunan, at pangkulturang buhay ng komunidad. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang kahalagahan ng mga simbahan ay hindi natatapos sa kanilang kasaysayan at arkitektura, sapagkat ang mga ito ay patuloy na binibigyang-kahulugan ng mga mamamayan sa pamamagitan ng kanilang mga karanasan, tradisyon, at pakikilahok. Kaugnay nito, ang Parroquia de la Immaculada Concepcion ay maaaring tingnan bilang isang dinamikong pamanang kultural na patuloy na umuunlad kasabay ng pagbabago ng lipunan habang pinananatili ang mahalagang papel nito bilang tagapagdala ng kasaysayan at identidad ng Quipayo.

**3. Kahalagahan ng Parokya sa Lokal na Komunidad**

Batay sa thematic analysis ng mga datos mula sa Focus Group Discussion (FGD) at panayam, lumitaw na ang Parroquia de la Immaculada Concepcion ay nagtataglay ng maraming dimensiyon ng kahalagahan na hindi lamang nakatuon sa pagiging isang gusaling panrelihiyon. Sa paglipas ng panahon, ang parokya ay naging mahalagang bahagi ng kasaysayan, kultura, lipunan, at pagkakakilanlan ng komunidad ng Quipayo. Ang mga natuklasang dimensiyon ay nagpapakita na ang parokya ay isang buhay na pamanang kultural na patuloy na nagbibigay ng kahulugan sa nakaraan at kasalukuyang karanasan ng mga mamamayan.

**Talahanayan 3**

*Dimensiyon at Pangunahing natuklasan*

| Dimensiyon | Pangunahing Natuklasan |
|---|---|
| Kasaysayan | Tagapagdala ng alaala ng Kristiyanismo sa Bikol |
| Panlipunan | Lugar ng pagkakaisa at pakikipagkapwa |
| Pampolitika | Bahagi ng paghubog ng organisasyong panlipunan noong panahon ng kolonyalismo |
| Pang-ekonomiya | Potensyal sa cultural tourism at lokal na kabuhayan |
| Espiritwal | Sentro ng pananampalataya at tradisyon |
| Siyentipiko | Batayan sa pag-aaral ng arkitektura at konserbasyon |
| Estetiko | Halimbawa ng sining at arkitekturang kolonyal |

Sa dimensiyong pangkasaysayan, ang Parroquia de la Immaculada Concepcion ay nagsisilbing mahalagang tagapagdala ng alaala ng paglaganap ng Kristiyanismo sa Bikol. Ang pagkakatatag nito noong 1578 ay nagsisilbing patunay sa mahabang ugnayan ng pananampalataya at pagbuo ng mga pamayanang nakapaligid dito. Ang mga dokumento, salaysay ng mga kalahok, at mga tradisyong kaugnay ng parokya ay nagsisilbing mga sanggunian sa pag-unawa sa pagbabago ng lipunang Bikolano mula sa panahon ng kolonyalismo hanggang sa kasalukuyan.

Sa dimensiyong panlipunan, ipinakita ng mga datos na ang parokya ay nagsisilbing espasyo ng pagkakaisa at pakikipagkapwa ng mga mamamayan. Hindi lamang ito lugar para sa mga gawaing panrelihiyon kundi isang sentro kung saan nagkakaroon ng ugnayan ang mga tao sa pamamagitan ng mga pista, pagtitipon, seremonya, at iba pang gawaing pangkomunidad. Ang patuloy na paggamit ng simbahan ay nagpapakita na ang pamanang kultural ay nagiging makabuluhan dahil sa aktibong pakikilahok at pagbibigay-kahulugan ng komunidad.

Sa dimensiyong pampolitika, ang parokya ay may mahalagang papel sa paghubog ng organisasyong panlipunan noong panahon ng kolonyalismo. Tulad ng maraming simbahan noong panahon ng Espanyol, ang parokya ay nagsilbing sentro ng pamamahala, edukasyon, at ugnayang panlipunan sa loob ng pamayanan. Ang pagkakatatag ng mga pamayanang nakapaligid dito ay nagpapakita ng papel ng simbahan bilang isang institusyong may impluwensiya sa pagbuo ng estruktura ng lokal na lipunan.

Sa dimensiyong pang-ekonomiya, ipinakita ng pagsusuri na ang parokya ay may potensiyal bilang bahagi ng pagpapaunlad ng cultural tourism sa komunidad. Ang makasaysayang halaga, arkitektura, at mga kuwentong kaugnay nito ay maaaring maging batayan sa paglikha ng mga programang pangkultura na makatutulong sa lokal na



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board
Registration as Book Publisher
(Print & Digital): 6312

kabuhayan. Gayunpaman, ang ganitong potensiyal ay kinakailangang maisagawa sa paraang hindi maisasakripisyo ang pagiging autentiko at historikal na halaga ng pamanang lugar.

Sa dimensiyong espiritwal, nananatiling sentro ng pananampalataya at pagpapatuloy ng mga tradisyong panrelihiyon ang Parroquia de la Immaculada Concepcion. Ang mga pagdiriwang ng kapistahan, ritwal, at iba pang gawaing panrelihiyon ay nagpapakita ng patuloy na ugnayan ng komunidad sa simbahan bilang mahalagang bahagi ng kanilang pagkakakilanlan at paniniwala.

Sa dimensiyong siyentipiko, nagsisilbi ang parokya bilang mahalagang sanggunian sa pag-aaral ng arkitektura, konserbasyon, at heritage documentation. Ang mga katangiang pisikal nito, kabilang ang disenyo, materyales, at paraan ng pagtatayo, ay nagbibigay ng oportunidad para sa mga pag-aaral hinggil sa pangangalaga ng mga makasaysayang estruktura. Ang sistematikong dokumentasyon nito ay maaaring magsilbing batayan sa mga susunod pang pananaliksik at programang konserbasyon.

Samantala, sa dimensiyong estetiko, ang Parroquia de la Immaculada Concepcion ay kumakatawan sa kagandahan ng sining at arkitekturang kolonyal sa Bikol. Ang disenyo, estruktura, at paggamit ng tradisyunal na materyales ay nagpapakita ng kasanayan at pananaw ng mga sinaunang tagapagtayo. Ang pisikal na anyo nito ay hindi lamang isang halimbawa ng arkitektura kundi isang representasyon ng malikhaing ekspresyon ng kultura at kasaysayan ng komunidad.

Ang pitong dimensiyong ito ay nagpapakita na ang kahalagahan ng Parroquia de la Immaculada Concepcion ay higit pa sa pagiging isang lumang gusali. Ito ay isang buhay na pamanang kultural na nag-uugnay sa kasaysayan, pananampalataya, identidad, at patuloy na pag-unlad ng komunidad. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Cabutihan at Torres (2025) na ang mga heritage church ay nagsisilbing imbakan ng kasaysayan, pananampalataya, at lokal na identidad sapagkat ang kanilang halaga ay hindi lamang nakikita sa arkitektura kundi sa mga kuwentong panlipunan at kultural na patuloy na binubuo ng mga taong may ugnayan dito. Sa konteksto ng Quipayo, pinatutunayan ng mga natuklasan na ang Parroquia de la Immaculada Concepcion ay isang mahalagang simbolo ng kolektibong alaala at pagkakakilanlan ng pamayanan.

**4. Kaugnay na Kuwento, Artipakto, Flora, at Fauna Bilang Bahagi ng Pamanang Kultural**

Batay sa pagsusuri ng mga salaysay mula sa mga kalahok, dokumentasyon ng parokya, at mga nakalap na materyal na pangkasaysayan, lumitaw na ang Parroquia de la Immaculada Concepcion ay hindi lamang dapat unawain bilang isang pisikal na estruktura kundi bilang isang malawak na pamanang kultural na binubuo ng mga kuwento, alaala, materyal na bagay, at ugnayang pangkapaligiran. Ang mga elementong ito ay nagbibigay ng mas malalim na pagpapakahulugan sa papel ng parokya bilang tagapagdala ng kasaysayan, identidad, at kolektibong karanasan ng komunidad ng Quipayo.

Ipinakikita ng mga natuklasan na ang kahalagahan ng isang pamanang lugar ay hindi lamang nakabatay sa pisikal na katangian nito kundi sa mga kahulugang panlipunan at kultural na nakakabit dito. Ang mga kuwento ng mga tao, mga bagay na kanilang pinahahalagahan, at ang likas na kapaligiran kung saan nakapaloob ang parokya ay nagsisilbing magkakaugnay na sangkap sa pagbuo ng kabuuang pagkakakilanlan ng nasabing pamanang lugar.

Binigyang-suporta at maiuugnay sa Sustainable Tourism Development Theory**,** na nagsusulong ng balanseng ugnayan sa pagitan ng konserbasyon ng pamanang kultural, pag-unlad ng turismo, pangangalaga sa kapaligiran, at aktibong pakikilahok ng lokal na komunidad. Binibigyang-diin ng pananaw na ito na ang pagpapaunlad ng turismo ay nararapat isagawa nang hindi isinasakripisyo ang autentisidad at integridad ng mga pamanang kultural. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang teoryang ito sa pagsusuri ng mga oportunidad at hamon sa pagpapaunlad ng Parroquia de la Immaculada Concepcion bilang destinasyong pangkultura at panrelihiyong turismo, gayundin sa pagbuo ng mga mungkahing maaaring makatulong sa napapanatiling konserbasyon at pamamahala ng pamanang sa kapaligiran.

a. Mga Kuwento at Kolektibong Alaala ng Komunidad

Isa sa mga pangunahing temang lumitaw mula sa panayam at FGD ay ang pananaw ng mga kalahok na ang Parroquia de la Immaculada Concepcion ay nagsisilbing “tagapangalaga ng alaala” ng mga mamamayan ng Quipayo. Ang mga salaysay tungkol sa pagkakatatag ng parokya noong 1578, pagdating ng mga misyonerong Pransiskano, paglilingkod ng mga naunang kura paroko, at pagpapatuloy ng mga tradisyong panrelihiyon ay nagsisilbing mahalagang bahagi ng oral history ng komunidad.

Ang mga kuwentong ito ay hindi lamang simpleng alaala ng nakaraan kundi mga buhay na salaysay na patuloy na nagbibigay-kahulugan sa pagkakakilanlan ng mga mamamayan. Sa pamamagitan ng mga pagdiriwang ng pista, mga sakramento tulad ng binyag, kasal, at iba pang gawaing panrelihiyon, naipapakita kung paano nagiging bahagi ang parokya ng mahahalagang yugto ng buhay ng mga tao. Ang mga personal at kolektibong karanasang ito


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

ang nagpapatibay sa ugnayan ng komunidad sa simbahan bilang isang espasyong may historikal at emosyonal na halaga.

Higit pa rito, ipinakikita ng mga salaysay ng mga kalahok na ang kasaysayan ng parokya ay hindi lamang nakapaloob sa mga opisyal na dokumento kundi maging sa mga kuwentong ipinapasa sa bawat henerasyon. Ang ganitong proseso ng paglilipat ng kaalaman ay mahalagang bahagi ng pagpapanatili ng pamanang kultural sapagkat pinananatili nitong buhay ang kahulugan ng isang lugar sa kamalayan ng komunidad.

Kaugnay nito, binigyang-diin nina Cabutihan at Torres (2025) na ang mga heritage church ay hindi lamang mga lumang estruktura kundi mga imbakan ng mga kuwento, alaala, at karanasang panlipunan ng mga komunidad. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang tunay na halaga ng isang heritage church ay nakikita sa patuloy na ugnayan nito sa mga taong nagbibigay-buhay at kahulugan dito. Sa konteksto ng Quipayo, ang mga kuwento tungkol sa Parroquia de la Immaculada Concepcion ay nagsisilbing mahalagang bahagi ng kolektibong identidad ng komunidad.

b. Mga Artipakto Bilang Tagapag-ingat ng Kasaysayan

Natukoy rin sa pagsusuri ng dokumentasyon at panayam na ang mga sinaunang imahen, kagamitan sa liturhiya, dokumentong pangsimbahan, at iba pang materyal na kaugnay ng parokya ay nagsisilbing mahahalagang tagapag-ingat ng kasaysayan. Ang mga artipaktong ito ay hindi lamang itinuturing na mga lumang bagay kundi mga pisikal na patunay ng patuloy na pag-iral ng pananampalataya, tradisyon, at karanasan ng mga naunang salinlahi.

Ayon sa mga kalahok, ang halaga ng mga artipakto ay hindi lamang nakikita sa kanilang materyal na katangian o edad kundi sa mga kuwentong nakapaloob dito. Ang bawat imahen, kagamitan, at dokumento ay maaaring maglaman ng mga alaala hinggil sa mga taong gumamit nito, mga seremonyang isinagawa, at mga paniniwalang ipinasa sa loob ng maraming taon. Dahil dito, ang pangangalaga sa mga artipakto ay hindi lamang isang gawaing teknikal na nakatuon sa pisikal na konserbasyon kundi isang paraan ng pagpapanatili ng kolektibong alaala at identidad ng komunidad.

Ang ganitong pananaw ay umaayon sa Cultural Heritage Theory na nagsasaad na ang mga materyal at di-materyal na elemento ng kultura ay may mahalagang papel sa pagpapanatili ng ugnayan ng nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap. Ang mga artipakto ng Parroquia de la Immaculada Concepcion ay nagsisilbing tulay na nag-uugnay sa kasaysayan ng pananampalataya ng mga sinaunang mamamayan at sa kasalukuyang henerasyon na patuloy na nagpapahalaga rito.

c. Flora at Fauna Bilang Bahagi ng Kontekstong Pangkapaligiran ng Pamana

Batay sa pagsusuri ng mga dokumento at salaysay ng mga kalahok, lumitaw na ang kahalagahan ng Parroquia de la Immaculada Concepcion ay hindi maaaring ihiwalay sa likas na kapaligiran kung saan ito matatagpuan. Ang lokasyon ng Quipayo sa paanan ng Bundok Isarog ay nagbibigay ng natatanging kontekstong pangkapaligiran na nakaaapekto sa paghubog ng kasaysayan at kultura ng komunidad.

Ang mga halaman, hayop, at likas na yaman na matatagpuan sa paligid ng komunidad ay bahagi ng mas malawak na cultural landscape na nagbibigay-kahulugan sa pagkakakilanlan ng lugar. Ang ugnayan ng simbahan sa kapaligiran nito ay nagpapakita na ang pamanang kultural ay hindi lamang limitado sa gusali kundi nakapaloob sa kabuuang espasyong pisikal, panlipunan, at ekolohikal kung saan ito umiiral.

Ang pananaw na ito ay mahalaga sa kasalukuyang pag-unawa sa heritage conservation sapagkat kinikilala nito na ang pangangalaga ng pamana ay hindi lamang nakatuon sa pagpapanatili ng estruktura kundi pati sa proteksiyon ng kapaligirang nagbibigay-suporta rito. Ang kalikasan, kasaysayan, at kultura ay magkakaugnay na elemento na bumubuo sa kabuuang identidad ng isang pamayanan.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga kuwento, artipakto, flora, at fauna na ang Parroquia de la Immaculada Concepcion ay isang buhay na pamanang kultural na lumalampas sa pisikal nitong anyo. Ang mga elementong ito ay nagpapatunay na ang pamana ay isang dinamikong proseso na patuloy na binubuo ng ugnayan ng tao, lugar, kasaysayan, at kapaligiran. Sa pamamagitan ng sistematikong dokumentasyon at pangangalaga sa mga aspektong ito, higit na mapapalalim ang pag-unawa sa halaga ng parokya bilang mahalagang bahagi ng identidad at kasaysayan ng Quipayo, Calabanga, Camarines Sur.

**5. Mga Hamon at Oportunidad sa Konserbasyon ng Parokya**

Batay sa thematic analysis ng mga datos mula sa panayam at Focus Group Discussion (FGD), lumitaw ang dalawang pangunahing kategorya na may kaugnayan sa pagpapaunlad ng Parroquia de la Immaculada Concepcion bilang isang pamanang kultural: ang mga hamon sa pangangalaga at ang mga oportunidad para sa pagpapaunlad. Ipinakikita ng mga natuklasan na bagama't kinikilala ng komunidad ang mataas na halaga ng parokya bilang bahagi


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

ng kanilang kasaysayan, pananampalataya, at identidad, nananatili ang ilang suliraning kailangang tugunan upang matiyak ang patuloy na pangangalaga at pagpapahalaga rito.

a. Mga Hamon sa Pangangalaga ng Pamanang Kultural

1. Limitadong Suporta sa Konserbasyon

Isa sa mga pangunahing hamon na lumitaw mula sa mga kalahok ay ang pangangailangan ng sapat at tuloy-tuloy na suporta para sa konserbasyon ng makasaysayang estruktura at mga artipaktong kaugnay ng parokya. Ipinakita ng resulta na ang pagpapanatili ng isang lumang simbahan ay nangangailangan ng regular na pagsusuri, pagkukumpuni, at wastong pangangalaga upang mapanatili ang orihinal na katangian at kahalagahang historikal nito.

Hindi lamang pinansyal na suporta ang kinakailangan sa konserbasyon kundi pati na rin ang koordinasyon ng iba't ibang institusyon tulad ng pamunuan ng simbahan, lokal na pamahalaan, mga ahensyang pangkultura, at mga organisasyong pangkomunidad. Ang pangangalaga sa isang heritage site ay isang kolektibong pananagutan sapagkat ang halaga nito ay hindi lamang para sa isang institusyon kundi para sa buong pamayanan na kumikilala rito bilang bahagi ng kanilang pagkakakilanlan.

Ang hamong ito ay nagpapakita na ang konserbasyon ng pamanang kultural ay nangangailangan ng pangmatagalang pagpaplano at malinaw na sistema ng pamamahala. Kung walang sapat na suporta at mekanismo para sa pangangalaga, maaaring malagay sa panganib ang pisikal na integridad ng estruktura gayundin ang mga kuwentong pangkasaysayan na nakapaloob dito.

2. Kakulangan sa Sistematikong Dokumentasyon

Lumabas din sa pagsusuri na kinakailangan pang palakasin ang dokumentasyon ng kasaysayan, mga lokal na salaysay, tradisyon, artipakto, at iba pang materyal at di-materyal na pamanang kaugnay ng parokya. Bagama't may mga umiiral na tala at alaala mula sa mga matatandang miyembro ng komunidad, hindi pa ganap na naisasagawa ang isang komprehensibong cultural mapping na magsisilbing organisadong talaan ng kabuuang halaga ng parokya.

Ang kakulangan sa sistematikong dokumentasyon ay maaaring magdulot ng pagkawala ng mahahalagang impormasyon, lalo na ang mga kuwentong pasalita at karanasang hindi naitatala sa mga opisyal na dokumento. Mahalaga ang dokumentasyon sapagkat ito ang nagsisilbing batayan sa pagpaplano ng konserbasyon, pananaliksik, edukasyon, at pagpapakilala ng pamanang kultural sa mas malawak na publiko.

Kaugnay nito, binigyang-diin ni Besmonte (2022) sa kaniyang pag-aaral hinggil sa cultural mapping ng Tabaco City na mahalaga ang sistematikong pagtatala sa pagtukoy, pagprotekta, at pagpapatuloy ng mga lokal na tradisyon at yamang pangkultura. Ipinakita ng kaniyang pag-aaral na ang cultural mapping ay hindi lamang proseso ng pangangalap ng impormasyon kundi isang paraan upang mapalakas ang kamalayan at pakikilahok ng komunidad sa pangangalaga ng kanilang pamana.

3. Limitadong Promosyon Bilang Destinasyong Pangkultura

Bagama't kinikilala ng mga mamamayan ang kahalagahan ng Parroquia de la Immaculada Concepcion bilang makasaysayang lugar, ipinakita ng mga kalahok na kinakailangan pang palawakin ang kaalaman ng publiko tungkol sa halaga nito bilang heritage site. Ang limitadong promosyon ay maaaring maging dahilan kung bakit hindi lubos na nakikilala ng mas malawak na publiko ang kahalagahan ng parokya bilang bahagi ng kasaysayan at kultura ng Bikol.

Ang pagpapakilala sa parokya bilang isang pamanang lugar ay hindi lamang nangangahulugan ng pag-akit ng mga bisita kundi ng pagpapalawak ng pagpapahalaga sa kasaysayan at kultura. Mahalaga ang pagbuo ng mga programang pangkultura, interpretive materials, guided heritage tours, at iba pang inisyatibang makatutulong upang maipaliwanag ang kahulugan ng parokya sa mga residente at bisita.

b. Mga Oportunidad Para sa Pagpapaunlad

1. Digital Heritage Documentation

Isa sa mga pangunahing oportunidad na natukoy sa pag-aaral ay ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya para sa dokumentasyon at pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa Parroquia de la Immaculada Concepcion. Ang paggamit ng digital archives, online cultural mapping, multimedia documentation, at iba pang digital platforms ay maaaring makatulong sa pagpapanatili ng mga impormasyon hinggil sa kasaysayan, arkitektura, artipakto, at mga kuwento ng komunidad.

Ang digital documentation ay nagbibigay ng mas malawak na akses sa impormasyon at nagsisilbing alternatibong paraan ng konserbasyon lalo na sa harap ng mga banta tulad ng kalamidad, pagbabago ng kapaligiran, at pisikal na pagkasira ng mga estruktura. Sa pamamagitan nito, maaaring maipakilala ang parokya sa mas malawak na publiko habang napapanatili ang mga datos para sa mga susunod na henerasyon.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

2. Community-Based Heritage Conservation

Ipinakita rin ng resulta na mahalaga ang aktibong pakikilahok ng komunidad sa pangangalaga ng parokya. Ang mga residente, organisasyong panrelihiyon, lokal na institusyon, at iba pang sektor ay maaaring maging katuwang sa pagpapanatili ng pamanang kultural. Ang ganitong pamamaraan ay nagpapakita na ang pamana ay hindi lamang responsibilidad ng mga eksperto o institusyon kundi isang kolektibong yaman na dapat pangalagaan ng mga taong may direktang ugnayan dito.

Sa pamamagitan ng community-based heritage conservation, maaaring mapalakas ang kamalayan ng mga mamamayan tungkol sa halaga ng kanilang pamana. Ang pakikilahok ng komunidad ay mahalaga upang matiyak na ang mga programang konserbasyon ay tumutugon sa pangangailangan at pananaw ng mga taong aktuwal na nakikipag-ugnayan sa lugar.

3. Sustainable Cultural Tourism

Batay sa pananaw ng mga kalahok, may malaking potensiyal ang Parroquia de la Immaculada Concepcion bilang bahagi ng cultural at religious tourism ng Camarines Sur. Ang kasaysayan, arkitektura, tradisyon, at mga kuwentong nakapaloob dito ay maaaring magsilbing pundasyon sa pagbuo ng mga programang panturismo na nakatuon sa pagpapahalaga sa kultura.

Gayunpaman, ipinakita ng resulta na ang pagpapaunlad ng turismo ay kinakailangang isagawa nang may paggalang sa orihinal na halaga, espiritwal na kahulugan, at integridad ng pamanang lugar. Hindi dapat maging pangunahing layunin lamang ang aspetong pang-ekonomiya, bagkus ay kailangang isaalang-alang ang pangangalaga sa kasaysayan at aktibong partisipasyon ng komunidad.

Ang natuklasang ito ay tumutugon sa Sustainable Tourism Development Theory na nagbibigay-diin sa pagkakaroon ng balanse sa pagitan ng konserbasyon ng kultura, pangangalaga sa kapaligiran, pakikilahok ng komunidad, at responsableng pagpapaunlad ng turismo. Sa ganitong pananaw, ang Parroquia de la Immaculada Concepcion ay maaaring mapaunlad bilang destinasyong pangkultura nang hindi nawawala ang orihinal nitong kahulugan bilang sentro ng pananampalataya at identidad ng Quipayo.

Implikasyon ng Pag-aaral sa Larangan ng Filipino at Kulturang Pilipino

Ang pag-aaral na ito ay may mahalagang ambag sa larangan ng Filipino sa pamamagitan ng pagpapakita ng papel ng wika bilang mahalagang kasangkapan sa dokumentasyon, interpretasyon, at pagpapahalaga sa pamanang kultural. Sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino sa pagtatala ng kasaysayan, mga kuwento, tradisyon, at pananaw ng komunidad hinggil sa Parroquia de la Immaculada Concepcion, nakapag-aambag ang pananaliksik sa pagpapalawak ng diskurso sa heritage studies at cultural mapping sa kontekstong Pilipino.

Ipinakikita rin ng pag-aaral na ang kulturang Pilipino ay hindi lamang matatagpuan sa mga tekstong pampanitikan, dokumento, at iba pang anyo ng nakasulat na panitikan, kundi maging sa mga makasaysayang lugar, estruktura, artipakto, likas na kapaligiran, at kolektibong alaala ng mga pamayanan. Ang wika ay nagsisilbing tulay upang maipaliwanag at mapanatili ang mga kahulugang kultural na maaaring mawala kung hindi maitatala at maipapasa sa mga susunod na henerasyon.

Sa ganitong pananaw, nagsisilbi ang pananaliksik bilang sanggunian sa pagtuturo ng kulturang Pilipino, lokal na kasaysayan, at pagpapahalaga sa pamanang kultural. Higit pa rito, nagbibigay ito ng ambag sa pagpapanatili ng identidad at kamalayang pangkultura ng mga Pilipino sa pamamagitan ng pagbibigay-halaga sa mga lokal na pamanang sumasalamin sa kanilang pinagmulan, karanasan, at patuloy na paghubog ng kanilang pagkakakilanlan.

**Kongklusyon**

Batay sa pagsusuri ng mga datos mula sa panayam, Focus Group Discussion (FGD), pagsusuring dokumentaryo, at triangulasyon, natukoy na ang Parroquia de la Immaculada Concepcion sa Quipayo, Calabanga, Camarines Sur ay isang mahalagang gawang pamana na nagtataglay ng makasaysayang, arkitektural, panlipunan, espiritwal, at kultural na halaga. Ipinakita ng pag-aaral na ang simbahan ay hindi lamang isang pisikal na estruktura kundi isang buhay na tagapagdala ng kolektibong alaala, identidad, at tradisyon ng komunidad.

Lumabas sa mga natuklasan na ang natatanging katangiang arkitektural ng parokya, partikular ang paggamit ng ladrilyo at impluwensiyang kolonyal, ay nagsisilbing patunay ng kasaysayan ng Kristiyanismo at pag-unlad ng pamayanan sa Bikol. Higit pa rito, ang mga kuwento, artipakto, at gawaing panrelihiyon na kaugnay ng parokya ay nagpapakita ng patuloy na paglikha at pagpapanatili ng kahulugan ng pamana batay sa karanasan at pagpapahalaga ng mga mamamayan.

Ipinakita rin ng pag-aaral na ang Parroquia de la Immaculada Concepcion ay may mahalagang papel bilang sentro ng pananampalataya, pagkakaisa, at lokal na identidad. Gayunpaman, natukoy na may mga hamong kinakaharap sa pagpapanatili nito, kabilang ang pangangailangan sa mas sistematikong dokumentasyon, patuloy na



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

konserbasyon, at mas malawak na pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa kahalagahan nito bilang pamanang kultural.

Sa larangan ng Filipino, ipinapakita ng pag-aaral na ang wika ay mahalagang instrumento sa pagtatala, pagbibigay-kahulugan, at pagpapanatili ng mga salaysay, tradisyon, at karanasang bumubuo sa kulturang Pilipino. Sa ganitong pananaw, ang Parroquia de la Immaculada Concepcion ay maaaring ituring bilang isang tekstong kultural na naglalaman ng mga alaala at pagpapahalaga ng komunidad na mahalagang pag-aralan at mapanatili para sa mga susunod na salinlahi.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, maaaring isaalang-alang ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Maaaring paigtingin ang dokumentasyon at pagmamapa ng mga elementong pangkultura ng Parroquia de la Immaculada Concepcion, kabilang ang kasaysayan, mga kuwento, artipakto, at iba pang kaugnay na pamanang materyal at di-materyal upang magsilbing sanggunian sa pananaliksik at edukasyon.
2. Maaaring bumuo ng isang komprehensibong plano para sa pangangalaga at konserbasyon ng simbahan at mga artipakto nito sa pamamagitan ng koordinasyon ng pamunuan ng parokya, lokal na pamahalaan, at mga institusyong may kaugnayan sa heritage conservation.
3. Maaaring palakasin ang pakikipagtulungan sa mga ahensyang pangkultura, akademikong institusyon, at iba pang organisasyon upang magkaroon ng teknikal na suporta sa dokumentasyon, konserbasyon, at pagpapapahalaga sa pamanang kultural.
4. Maaaring gamitin ang mga digital na plataporma tulad ng online archives at multimedia documentation upang higit na maipakilala at mapanatili ang kasaysayan at kahalagahan ng parokya para sa mas malawak na publiko.
5. Maaaring magsagawa ng mga programang pang-edukasyon at pangkomunidad upang mapalalim ang kamalayan ng mga residente, lalo na ng kabataan, tungkol sa kahalagahan ng parokya bilang bahagi ng lokal na kasaysayan at kulturang Pilipino.
6. Maaaring isaalang-alang ang pagpapaunlad ng cultural at religious tourism na nakabatay sa prinsipyo ng sustainable tourism development, kung saan binibigyang-priyoridad ang pangangalaga sa orihinal na halaga, integridad, at kahulugan ng pamanang kultural.
7. Maaaring gamitin ang mga natuklasan ng pag-aaral bilang sanggunian sa pagtuturo ng Filipino, lokal na kasaysayan, at kulturang Pilipino, lalo na sa pagtalakay ng ugnayan ng wika, lugar, alaala, at identidad.
8. Maaaring magsagawa ng mga susunod pang pag-aaral na nakatuon sa mas malalim na pagsusuri sa mga artipakto, oral history, tradisyon, at iba pang elementong bumubuo sa pamanang kultural ng Quipayo at ng iba pang pamayanan sa Bikol.

## MGA SANGGUNIAN

Besmonte, E. L. (2022). Identification and safeguarding of intangible cultural heritage (ICH) of Tabaco City, Philippines, through cultural mapping. *Journal of Education, Management and Development Studies, 2*(2), 1–10. https://doi.org/10.52631/jemds.v2i2.106

Cabutihan, C. A. P., & Torres, M. Z. A. (2025). *Walking in the glimpse of the past: The untold stories of the heritage churches in Tayabas City*. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 37*(3), 246–259. https://doi.org/10.70838/pemj.370305

Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2018). *Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches* (4th ed.). SAGE Publications.

Cutib, G. J. B., Dulay, T. M., Domincel, M. R. A., & Soriano, M. I. J. (2025). Residents' knowledge and appreciation for heritage tourism site in Bayombong, Nueva Vizcaya. *International Journal of Research and Innovation in Social Science, 9*(4), 5388–5438. https://doi.org/10.47772/IJRISS.2025.90400387

Pastera, R. J. (2024). *Unveiling the veil: Intangible cultural heritage and the Filipino college students*. *Journal of Ethnic and Cultural Studies, 11*(2), 25–41. https://doi.org/10.29333/ejecs/1818

Religioso, M. (2020). *Cultural mapping of the built heritages of San Pablo City: Basis for a contextualized learning material in Araling Panlipunan 10*. https://doi.org/10.13140/RG.2.2.34562.18881

Patton, M. Q. (2015). *Qualitative research & evaluation methods: Integrating theory and practice* (4th ed.). SAGE Publications.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
Rabang, M. R. Q. (2015). Cultural mapping as a tool in heritage conservation in a World Heritage Site: The Vigan City experience. *Journal Sampurasun: Interdisciplinary Studies for Cultural Heritage, 1*(1). https://doi.org/10.23969/sampurasun.v1i1.26

Relph, E. (1976). *Place and placelessness*. Pion Limited.

Republic of the Philippines. (1987). *The Constitution of the Republic of the Philippines: Article XIV, Section 14*. Official Gazette. https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/1987-constitution/

National Commission for Culture and the Arts. (2012). *Implementing rules and regulations of Republic Act No. 10066: An act providing for the protection and conservation of the national cultural heritage, strengthening the National Commission for Culture and the Arts (NCCA) and its affiliated cultural agencies, and for other purposes*. Supreme Court E-Library. https://elibrary.judiciary.gov.ph/thebookshelf/showdocs/42/50988

Smith, L. (2006). *Uses of heritage*. Routledge.

Tuan, Y.-F. (1977). *Space and place: The perspective of experience*. University of Minnesota Press.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*